

PAGHUBOG NG DISIPULO

Ni. Jerry at Nancy Reed

PAGHUBOG NG DISIPULO

Ni. Jerry at Nancy Reed

Version 3.5 of Discipleship Encounters

Covenant Resource Center
3200 W. Foster Ave.
Chicago, IL. 60625

Call: 1-800-338 IDEA

Web address: <http://www.discipleship.info>

© 2003 nina Jerry at Nancy Reed All material in these Discipleship Encounters may be copied and passed on to others.

PAGHUBOG NG DISIPULO

Ni. Jerry at Nancy Reed

MGA NILALAMAN

Introduksyon sa paghubog ng Disipulo	2
Panimula	7
Unang Hakbang	15
Ikalawang Hakbang	16
Ikatlong Hakbang	19
Ika-Apat na Hakbang.	21
Ikalimang Hakbang	24
Ika-Anim na Hakbang.	26
Ikapitong Hakbang	28
Ikawalong Hakbang	30
Ikasiyam na Hakbang	32
Ikasampung Hakbang	34
Apendice	36
Mga Kapaki-pakinabang na Tulong	37
Ang Diyos, Ang Bibliya at Ang Tao	39
Larawang-guhit ng Tulay	42
Talaan Ng Pag-unlad	43

PAMBUNGAD PARA SA PAGHUBOG NG DISIPULO

Sandali! Huwag ka munang magpatuloy sa pagbasa hanggat hindi mo nabasa ang paunang salita ng Paghubog ng Disipulo. Ang babala sa paunang salita laban sa *information trap* ay mahalagang malaman para sa epektibong paghubog ng mga disipulo.

Lagyan ng tsek ang kahon matapos basahin ang paunang salita.

Salamat sa iyong pagbasa ng panimulang salita para sa **Paghubog ng Disipulo**. Ngayon, narito ang ilang paalaala na makatutulong sa iyo sa iyong pagpapatuloy sa pagtuturo ng iyong mga disipulo.

1. Pag-aralang mabuti ang mga **Kapaki-pakinabang na Tulong Para sa Paghubog ng Disipulo** na matatagpuan sa pahina 19 at 20 ng *Appendix* na nakapaloob sa manwal ng Paghubog ng Disipulo. Maraming pangkaraniwang tanong tungkol sa Paghubog ng Disipulo ang sasagutin doon.

Lagyan ng tsek ang kahon matapos basahin ang mga **Kapaki-pakinabang na Tulong**.

2. Buksan sa **pahina 21 at 22**. Ang mga pahinang ito ay may pamagat na **Ang Bibliya, Diyos at Tao**, nagbibigay ng mga bagay na mapagpipilian sa pagsisimula ng pagtuturo sa mga disipulo. Mapapansin na ang mga nilalaman ng bahaging ito ay magbubukas sa usapan tungkol sa Diyos, ano ang Biblia, at ano ang ginawa ng Diyos kay Kristo upang makilala Siya ng tao. Magpatuloy hanggang sa **pahina 23**. Doon ay matatagpuan ang paliwanag tungkol sa larawang-guhit ng tulay na ginamit at ginagamit ng marami sa paggabay sa kanilang mga kaibigan na magkaroon ng personal na relasyon kay Hesu-Kristo.

Lagyan ng tsek ang kahon matapos basahin ang **pahina 21, 22, at 23**.

3. Buksan ang sa **pahina 24 at 25 ng Paghubog** at basahin ang **Talaan ng Pag-unlad** (*Progress sheets*). Ipa-zerox ang dalawang pahinang ito para sa mga grupo na iyong tinuturuan. Pagkatapos, isulat ang pangalan ng mga disipulo na iyong tinuturuan sa kaukulang puwang sa ibabaw ng pahina. Sa tuwing matatapos ang iyong pagtuturo sa iyong mga disipulo, itala ang mga bagay na inyong tinalakay at pinag-aralan. (*May mga araw na maaring hindi matalakay ang mga aralin na dapat mong talakayin dahil sa may mahalaga kang dapat pag-ukulan ng pansin.* Isulat ang petsa at araw ng inyong susunod na pagtitipon sa tabi ng aralin

na inyong natalakay sa araw na iyon upang malaman kung saan ka magsisimula sa susunod na pagtitipon.

☐ Lagyan ng tsek ang kahon matapos magpa-zerox ng Talaan ng Pag-unlad.

-3-

4. Tandaan ang kahalagahan ng pagtatanong. Ang mga katanungan ay iyong kaibigan. Sa pamamagitan ng tanong, ang iyong mga tinuturuan ay magkakaroon ng pagkakataon na ibahagi ang kanilang mga kuro-kuro at pang-unawa sa inyong pinag-aralan. Ang pagbibigay daan sa mga katanungan ng mga tinuturuan ay kadalasang magtutulak sa inyo sa mga hindi inaasahan ngunit importanteng direksyon.

Buksan sa pahina 1a ng Guide (Gabay) na ito at pansinin ang limang bagay na matatagpuan sa *Prompts and Notes* para sa Unang Aralin.

1. Ang pahina 1a ay gabay sa pahina 1 ng **Paghubog sa Disipulo** at ang pahina 2a ay gabay naman para sa pahina 2... at iba pa...

2. Mapapansin sa ibabaw ng pahina ay nakasaad ang **Layunin Para Sa Unang Hakbang**. Ang mga impormasyong ito ay mahalagang tandaan sa bawat Hakbang sa pagpatuloy ng inyong pagtuturo sa iyong mga disipulo.

3. May mga mungkahi sa pagsisimula para sa Unang Hakbang. Sa ibang pahina ng *Prompts and Notes* sa Gabay na ito, iyong makikita ang mga Paalala tungkol sa kahalagahan ng paghubog at pagsasanay ng mga disipulo. Sa ibang pagkakataon iyong matutuklasan ang mga mungkahi para sa pagbabalik aral. Tandaan: ang lahat ng ito ay mga kabuurang paalala lamang.

4. Ang mga numero sa ikalawang bahagi ng pahina ay tumutukoy sa mga numerong may guhit na nakasulat sa balangkas ng Paghubog sa Disipulo. Ang pana () na nakalagay sa unahan ng bawat numero ay nangangahulugan na may mga katanungan na nakasulat ng pahilis na maari mong gamitin sa pagsisimula ng pagtatalakay sa bagay na iyon.

Ang numero na walang pana (tulad ng 2.3 sa pahina 1a) ay mga karagdagang impormasyon na magsasabi sa iyo kung ano ang aming nasa isip habang sinusulat namin ang balangkas na ito.

5. Sa wakas, ang talata sa ibaba ng pahina ay unang paalala kung ano ang nasasabi na – tulad ng mga tanong na inihanda sa Gabay sa Paghubog Ng Disipulo – ay mga mungkahi lamang. Huwag mabahala , magtiwala ka sa paggabay ng Espiritu Santo, - huwag mag-alinlangang

umisip ng sariling katanungan na magagamit sa pagtuturo at sa paggamit ng balangkas na ito kasama ng iyong mga disipulo.

□ Lagyan ng tsek ang kahon matapos mapag-aralang mabuti ang pahina 1a.

Sa inyong pagsisimula, maaring pag-usapan ninyo kung gaano katagal magkakaroon ng pagtitipon. Maari mong imungkahi na pwedeng tatlo o apat na

-4-

linggo lamang. Sa katunayan, hindi matatapos sa loob lamang ng isang buwan ang pagtuturong ito. Kaya, kailangang-kailangan pa ninyo ang karagdagang panahon para sa natitirang mga aralin. Dahil diyan, dapat mong kausapin ang mga disipulo kung gusto pa nilang ipagpatuloy ang sama-samang pag-aaral. Pag-usapan ninyo ito. Hingin mo ang kanilang pasiya. Kung papayag sila, magpa-zerox ka nang ilang kopya ng Unang Aralin. Pero takpan mo ang bahagi ng “Unang Aralin” sa pagpapaxerox. Sa ganitong paraan, hindi nila maiisip na mahaba ang inyong pag-aaral. Sa ganitong pamaraan, mas madaling itigil ang gawain kung makikita at mararamdaman mo na walang interes ang mga tao. Huwag kaligtaan ang relasyon at pakikipag-ugnayan sa kanila. Tulungan mo silang mauunawaan at mararamdaman nila na sila ay patuloy na umuunlad at maging dalubhasa. Kung itigil n’yo ang gawain, huwag n’yo na lamang bastang itigil. Dapat maging angkop ang iyong pagtatapos dahil nagsimula kayo ng maayos.

Ang huling talata na dapat mong isipin bago ka magsisimula ay yaong madalas nating makakalimutan. Dapat isaalang alang mo ang mga katanungang ito: Ano ang iyong layunin sa pagdidisipulo? Ano ang iyong naiisip sa pagkakataong ito? Maraming mga paraan ang pagsagot sa mga katanungang ‘yan.

Maaring ang iyong maging kasagutan ay ang pagkakaroon ng malawak na pang-unawa kung ano ang pamumuhay Kristiyano, o

-6-

maaring ang pagkakaroon ng kakayahang makapagturo o maging bahagi sa pagsasanay ng mga bagong Kristiyano, o maging tagapagsanay o tagapagturo ng mga mamumuno sa mga cell groups o sa mga prayer meetings, o kaya ay sa paghahanda sa mga taong gustong magtayo ng bagong simbahan, mga taong gustong maging bahagi ng ministryo ng pastor, o kaya ay mga Sunday School teachers, o kaya ay maging tagapayo sa mga worship leader. Isa sa layunin ng mga nabanggit ay makapagsanay ng mga bagong disipulo. Gamitin mo ang iyong

imahinasyon, at isipin kung ano pa ang mga posibilidad na magagawa para mas maging maganda ang paghahanda ng mga disipulo.

Isulat ang iyong mga layunin sa pamamagitan ng pagkumpleto sa sumusunod na pangungusap:

“Ang layunin ko sa pagsasanay at pagtuturo ng mga disipulo ay ang mga sumusunod:

_____ upang

_____.

Lagyan ng tsek ang kahon matapos isulat ang iyong mga layunin.

-5-

Tandaan: Ang takot o nerbiyos na iyong madarama sa pagkakataong iyong lalapitan ang taong gusto mong alukin na maging disipulo ay nagmumula sa kalaban. Ayaw ng demonyo na maganap ang mabisa at makapangyarihang hakbang na ito. Ngunit mayroon tayong tagumpay kay Kristo. Kaya, tayo ay manalangin at humayo. Hilingin natin sa Espiritu Santo na ikaw ay mapuspos at gamitin ng buong puso sa Kanyang ministeryo.

PAUNANG SALITA

Kwentong Walang Katapusan

Malamang wala nang mas kasiya-siya kaysa maging isang tagahikayat sa kapwa na maging tapat sa Panginoon at maging gabay nila sa kanilang paglilingkod sa Panginoon. Sa nakaraang higit na dalawampung taon, halos daan-daang tao ang nakatuklas ng kasiyahan sa pagtulong sa kapwa tao sa kanilang pakikipag-ugnayan sa Diyos sa tulong ng manwal sa Paghubog sa Disipulo.

Si Marvin Ladner ay isang mangangalakal (businessman) na siyang unang nagturo at nagdisipulo sa akin. Sinimulan niya ang pagdisipulo sa akin noong nag-aaral pa ako sa kolehiyo. Magmula noon, ang binhi na itinanim niya sa akin ay patuloy na lumalago. Una ay sa Ecuador, pagkatapos ay sa Mexico kung saan nagkaroon ng higit na bunga ang binhing natanim sa akin. Sa Mexico, ang simpleng proseso o hakbang sa paghubog ng mga disipulo ay nabigyan ng kaganapan sa pamamagitan ng pagsasanay sa ibang mga mananampalataya na mamuno sa kanilang mga kongregasyon hanggang sila na mismo ang magpastor sa kanilang mga simbahan. Ang proseso ay nagpapatuloy. Itoy unang nasulat sa salitang Kastila, pagkatapos ay sa Ingles. Ngayon ay may mga salin na sa salitang French, Hapon, Koreano, Lingala, at Ruso. Kasalukuyan ding isinasagawa ang pagsasalin sa salitang Bulgarian, Swedish, Swahili at Tagalog.

Marami ang gumagamit ng manwal sa *Paghubog ng Disipulo* sa ibat-ibang konteksto at aming napag-alaman na ginagamit nila ito sa ibat-ibang pamamaraan. Ang mga susunod na pahina ay hinubog upang magkaroon ng positibong karanasan ang isang tao sa pagsasanay at pagtuturo ng disipulo.

Malawakan O May-takdang Paghubog Sa Disipulo

Sa ilang tao ang salitang paghubog ng disipulo ay nangangahulugan ng pagtuturo sa *Christian Education*. Ang ibig sabihin ng *Discipleship* sa ganoong mga pagkakataon ay matatawag na malawakang pagtuturo o sa pangkaraniwang salita, “boksing sa isang hektarya.” Ang layunin ng mga hakbang sa

Paghubog ng Disipulo ay ang pagkakaroon ng makahulugang relasyon sa pagitan ng nagtuturo (makaranasang tao) at sa isa, o dalawa o tatlong tao. Ito ay matatawag ding tuwirang pagtuturo kung saan ang

-7-

kaalaman, karanasan, mga pangitain, at mga ideya ay maipapasa sa bawat isa.

Pagdami Ng Mga Pinuno

Ang klaseng ito ng pagdidisipulo ay magagamit sa anumang bahagi ng paglilingkod at sa loob ng simbahan. Dahil sa kanyang kabutihang loob at kahabagan, ginamit ni Lucy Baig ang manwal ng *Paghubog sa Disipulo* sa kanyang pagsasanay sa mga matatandang babae sa Mexico City. Gayundin ang “**Paghubog**” upang magagamit ng mga *Sunday School teachers* sa pagtuturo sa kanilang mga klase, magagamit din ito ng mga *cell group leaders* at ng mga nagsisimulang magtayo ng simbahan (*church planters*).

Pagkakaisa at Pagmamahalan sa Simbahan

Samantalang kinakapanayam ko ang mga guro (*disciplers*) na may mahigit ng labindalawang taong karanasan sa pagtuturo sa Mexico City, ako ay nagulat sa obserbasyon ni Sara tungkol sa resulta ng paghubog ng mga disipulo sa lungsod. Nalaman ko na sa pamamagitan ng pagdidisipulo sa mga tao, mas marami ang nagiging bunga nito sa simbahan. At higit sa lahat mas magiging malapit ang mga kasapi ng kongregasyon sa isa't-isa. Si Pastor Roberto Gonzalez, isa sa pinakamakaranasang guro (*discipler*) ay nagpatunay na sa kanyang simbahan, ang ministeryo ng pagtuturo at pagsasanay sa mga bagong disipulo ay patuloy na nagbubunsod sa mga miyembro ng simbahan na may higit na mapagmahal at higit na maalalahanin sa isa't-isa. Nagpapatunay siya na ang relasyon dati sa mga miyembrong mahigit na sa labing-anim na taong nagsisimba ay nagpapakita ng mababaw na relasyon sa bawat isa, ngunit sa pamamagitan ng pagbasa sa manwal na ito , ang mga miyembro ngayon ay mas malapit sa isat isa at nagkaroon sila ng malalim na relasyon sa simbahan at tumindi ang pag-aalala sa isat-isa.

Higit Sa 'Isahan'

Maraming tao ang nag-aakala na ang paghubog sa disipulo ay kadalasang 'isahan.' Totoo na may mga pagkakataon na mangyayari ang 'isahan' sa pagtuturo at pagsasanay sa mga disipulo, ngunit kailangang unawain natin na mas magagamit natin ang mga pagkakataon na iyon kaysa ibang pang mga bagay. Kung may dalawa o tatlong mag-aaral, ito ay mas

-8-

epektibong pagkakataon sa pagsasanay ng mga disipulo. Kung may dalawa o tatlong tao na matuturuan, mas madali nilang maunawaan ang pagiging bahagi ng katawan ni Kristo. Ang pagkilala ng pagiging iisang katawan ay mas madaling maunawaan sa ganitong paraan.

Paghubog Sa Disipulo O Pagtuturo? (Mga Pagtatagpo O Mga Klase?)

Isang paalala sa mga gustong gumamit ng manwal na ito. Bago kayo magsimulang magdisipulo ng tao ay kailangang magdesisyon muna kayo. Ang desisyon ay kailangang nakatuon sa iyong layunin. Inisip mo na bang ituro ang nilalaman ng libro o manwal na ito? O iniisip mong magdisipulo ng tao sa pamamagitan ng paggamit ng hakbang, na nakapaloob dito upang makatulong sa iyo sa pagdidisipulo? Kung ang plano mo ay ituro ang nilalaman ng manwal na ito, gawin mo! Ngunit hanggat maari ay huwag mong tatawaging paghubog ng disipulo ang iyong gagawin. Ang pagdidisipulo ay higit kaysa pagtuturo ng mga nilalaman. Kung umiisip ka ng titulo sa iyong gagawin, maari mo iyong tawaging Pagsasanay o Pag-aaral sa mga Pangunahing Aral ng Kristiyanismo. Sa gayong paraan, magkakaroon kayo ng mga klase at hindi mga pakikipag-ugnayan na kung saan kayo ay paulit-ulit na magtitipon. Ang paghubog sa disipulo o mga pakikipag-ugnayan ay nangangahulugan ng inyong pakikipagkita sa inyong mga disipulo sa Panginoon kung saan kayo ay mananalangin, magtitipon-tipon, kwentuhan, at pag-aaral ng Bibliya sa konteksto ng pang-araw-araw na buhay.

Paghubog O Impormasyon

Ang masigasig na pamamaraan ng pagdidisipulo na nabanggit ang ipinapayo ng mga hakbang na nilalaman ng librong ito. Ito ay nakatuon sa mga Kristiyanong gustong lumago sa pananampalataya sa Panginoong Jesu-Cristo at doon sa kasalukuyang nagsisilago. Ang layunin nito ay ang pagkakaroon ng makadiyos na pamumuhay ang bawat isa kaalinsabay ng pagkakaroon ng kaalaman sa Bibliya. Kung ating pagkukumparahin, sa konteksto ng isang silid aralan, ang pagkakaroon ng kaalaman o ang pagkakatuto ng layunin. Ngunit sa konteksto ng pagdidisipulo, ang mahalaga ay ang pagkakaroon ng prinsipyo, *values*, *vision*, at mga layunin kaalinsabay ng pagkakaroon ng kaalaman. Sa madaling salita, sa pagtuturo malalaman natin na si Hesus ang Panginoon, ngunit sa pagdidisipulo, ating mararanasan ang pagiging Panginoon Niya sa ating buhay.

-9-

Sa ganitong paraan, ang buhay ay ating naibabahagi sa iba. Kasabay nito ay ang paglago ng isat-isa. Ang mga *vision* at ministeryo ay ibinabahagi at itinuturo. Dahil dito, lalong tumitibay ang pag-asa at pagtitiwala natin kay Hesu-Kristo at magkakaroon tayo ng bunga. Kung ating pag-aralang mabuti, nakapaloob sa pagdidisipulo ang mga sumusunod: pangangalaga, ebanghelismo, pagtatayo ng simbahan, panalangin, pagsamba, mga isyu ng hustisya at kapayapaan.

Tamang Panahon Upang Ilahad Ang Iyong Mga Pananaw

Ang mga namumuno ay kailangang may mga pananaw (*vision*) para sa hinaharap. Dapat nilang makita ang hinaharap ng ministeryo at ang kapana-panabik na mga posibilidad nito. Subalit kadalasan, nahihirapan ang mga nakakakita ng pangitain (*vision*) sapagkat madaling makalimot ang kanyang mga disipulo kung ano ang hinaharap ng kanilang ginagawa. Kung kaya muli at muli niya itong inuulit sa kanila. Ang Encounters ay makakatulong sa pagpapaalaala ng mga pangako ng Panginoon sa ministeryong iyong ginagawa.

Isang Aral Mula Sa Bote Ng Coca-Cola

Isa sa ilustrasyon na maaring makatulong sa atin upang maunawaan ang prinsipyo ng paghubog sa mga disipulo ay ang inuming Coca-Cola. Ang Coca-Cola ay napakasarap inumin lalo na kung ito ay malamig at kung tayo ay nasa mainit na lugar katulad ng Pilipinas. Ang pag-inom ng Coca-Cola ay isang maginhawang karanasan sa sinumang nauuhaw. Ngunit kung ang Coca-Cola na iinumina natin ay walang takip sa loob ng dalawa o tatlong araw, ano kaya ang lasa nito? Ito kaya ay maiinom natin katulad noong bagong bukas? Ito kaya ay makapagbibigay ng ginhawa sa katawang pagod at naiinitan? Hindi! Sapagkat ang Coca-Colang naiwang bukas sa loob ng isa o dalawang araw ay wala nang lasa. Kalugin mo man ito ay hindi na bubula. Dahil lumipas na ang espirito nito.

Ganyan din sa paghubog ng mga disipulo. Kung walang pagbabago sa ating sarili, kung walang makikitang mabuting halimbawa sa atin ang mga tao, wala rin epekto ang ating pagsasanay sa kanila. Sapagkat ang hinahanap ng mga tao sa kanilang pinuno ay yung mga bagay na nagbibigay patunay sa ating sinasalita. Ang buhay natin ay isang mabisang patotoo. Tayo ay parang Coca-Cola, kung napabayaang nabuyangyang,

-10-

walang maghahangad na inumin ang Coca-Cola. Ngunit kung ito ay may takip pag-aagawan pa ito. Ang buhay natin ay magkakaroon lamang ng epekto sa buhay ng kapwa tao kung tayo ay mayroong pagbabago, kung tayo ay puspos na ng pag-ibig sa halip na galit, pang-unawa, sa halip na pagmamayabang, pagkamababaang loob.

Ang Panahon at Pagpaparami

Ang bunga ng pagdidisipulo ay makikita matapos maglaan ng panahon sa pakikitungo mo sa iyong mga tinuturuan. Ang patotoo ng iyong buhay ay may malaking bahagi sa buhay ng iyong mga tinuturuan (samantalang ikaw ay patuloy na umaasa sa kapuspusan ng Espiritu Santo).

Hindi ito nakukuha sa apurahan. Ang prosesong ito ay kadalasang umaabot ng mahigit sa sampung lingo. Ngunit mas makasisiguro ka kung ito ay aabot ng anim na buwan hanggang sa dalawang taon. Napatunayan na ang siyam na buwan ay sapat upang

magkaroon ng bunga ang iyong mga tinuturuan. Sa oras na umabot sa ikalimang bahagi ay marapat lamang na isipin na nila kung sino ang mga taong kanilang tuturuan para sa kanilang sariling grupo kung saan ay magagamit nila ang kanilang natutuhan sa Paghubog ng Disipulo.

Ang ibig sabihin nito ay kailangang makipagkita ka sa iyong mga disipulo upang sila ay hikayain at tulungan sa kanilang pagtuturo sa kanilang mga disipulo. Kadalasan, sa oras na umabot kayo sa Aralin Bilang 10 at natalakay na ninyo ang ilan sa mga *“Study the Scriptures” Bible Studies* (pp. 30-31), inaasahan na ang grupo ng iyong mga disipulo upang ikaw naman ay makapagsimula naman ng panibagong grupo na iyong tuturuan.

Mayroon din akong mga pagkakamali sa pagdidisipulo. Kung minsan, nagsisimula pa lamang o di kaya’y kung kailan matatapos na ang proseso ay kung kailan aalis o titigil ang aking tinuturuan. Ang iba naman kung minsan ay ayaw magturo o magdisipulo ng ibang tao. Ang mga karanasang ito ay naghahatid sa akin sa paanan ng Panginoon at muli akong napapaalalahanan na sa Kanya lamang ako dapat umasa sanhi ng aking kahinaan. Gayumpaman, ang mga tagumpay ay kadalasang mas matimbang kaysa pagkakamali. Ito ay tanda lamang na tayo ay patuloy na natututo.

-11-

Ang Panimulang ito ay dapat maging gabay sa mga babasa at gagamit ng librong ito at hindi bilang isang mabigat na kautusan. Ngunit may isang dapat tandaan sa pagdidisipulo: Dapat isalang-alang ang katanungang ito. Ang itinuro ko ba ay aking ipinapakita, inaasal, at ikinikilos na maaring ituro ko sa iba? Marami na tayong narinig na magagandang sermon, mga seminar at mga pagtitipon kung saan ay nagtuturo kung paano ang isang Kristiyano ay lalago sa pananampalataya at sa kaalaman ngunit ang mga ito ay hindi hinubog para madaling maipasa o maituro sa iba. Ang mahalaga ay mailipat natin sa iba ang ating nalalaman. Sa madaling salita, gawin natin itong simple.

Ang Dahilan Para Muling Magtipon

Sa dahilang ang paghubog sa disipulo ay nakabase sa mga bagay na nabanggit sa itaas, huwag hayaang maging katulad ito ng mga pagkakataon na nagaganap sa loob ng silid-aralan kung saan ay nasasayang ang oras. Gamitin ang bawat pagkakataon sa makabuluhang pagsasama at relasyon. Sa ganitong paraan, ang pagkakataong iyon na

kung kailan nagaganap ang pag-aaral sa paghubog sa disipulo ay siyang natatanging dahilan upang muling magtipon. Ang bawat kasama ay kasabay na umuunlad at lalago sa kaalaman at pananampalataya. Ipinapayo naming ang mga **Praktikal na Tulong sa Pag-aaral sa Pahina 19-20** ang siyang sasagot sa mga pangkaraniwang tanong at magiging gabay para sa mga nagsisimula pa lamang.

Sino ang aking maaring maging disipulo

Kadalasan ang tanong na unang sumasagi sa ating isipan ay: “Sino ang aking magiging disipulo?” May lima tayong maaring pagpipilian:

1. Mga Bagong Kristiyano.

Noong una, ang librong ito ay naisulat para sa mga bagong mananampalataya upang maibahagi kaagad nila sa kanilang mga kaibigan at pamilya ang kanilang bagong relasyon kay Hesu-Kristo. Ang layunin ng prosesong ito ay mabigyang kakayahan ang isang bagong Kristiyano na simulang turuan ang kanilang mga kaibigan at pamilya sa madaling panahon.

-12-

2. ‘Maiinit’ na Kristiyano

Kung walang malinaw na direksyon, mawawalan ng halaga ang pananampalataya ng mga bago at mainit na Kristiyano. Ang librong ito ay makakatulong sa kanila upang

magkaroon ng direksyon at layunin ang kanilang ministeryo.

3. ‘Kristiyanong Laon’

Makakatulong din ang Encounters sa mga matatandang Kristiyano upang magkaroon ng organisasyon o kaayusan ang kanilang kaalaman na kanilang ipapamahagi sa ibang tao – lalong lalo na sa mga bagong Kristiyano na kanilang ipinagdadasal. Ang mga aralin at mga hakbang na naglalaman sa librong ito ay makakapagbibigay ng kasabikan at posibleng pagkakaroon ng pagbabago sa mga gustong maglingkod sa Panginoon. Sa pag-aalaga ng disipulo, sabay na natututo at sabay na lalago ang disipulo at ang nagdidisipulo.

4. Magiging Kristiyano Pa Lamang

Ang librong ito ay makakatulong din sa mga hindi pa Kristiyano na gustong saliksikin ang pananampalatayang Kristiyano at ang pagiging Kristiyano. Kung ito ang kasalukuyang katayuan ng bumabasa nito, higit na makatutulong ang Mga Nilalaman sa pagbibigay ng gabay sa iyo upang iyong malaman kung anu-ano ang mga nilalaman ng librong ito. Ang mga pahina 22-23 ay makatutulong din.

5. Ang Ating Mga Anak

Mga tinedyer na ang aking mga anak nang sila ay aking yayaing kumain sa labas tuwing umaga bago ko sila ihatid sa eskwela. Ang mga pagkakataong iyon ay napakahalaga sa akin at sa kanila dahil iyon lamang ang pagkakataon na malalaman ko ang kalagayan ng kanilang pananampalataya. Sa aming mga pag-uusap tungkol sa kanilang mga kaibigan, pag-aaral, at mga kaklase ay aking isinisingit ang mga aralin sa librong ito. Nang magsimulang sumama sa amin ang kanilang kaibigang matalik ay lalong sumigla ang aming pag-uusap. Sa mga nakababatang anak na nasa elementarya pa lamang, ang minsan sa isang lingo na pagsama sa

kanila sa 'ice cream house' ay napaka-epektibo. Sa kalagayang ito, ipinapayo namin ang maiksi at mas maagang pamamaraan at paggamit ng mga ilustrasyon upang madaling maipahayag ang mga pangunahing katuruan.

PASASALAMAT

Mapapansin ng sinumang gagamit ng libro na ito na iilan lamang sa mga bahagi nito ang orihinal kong ideya. Ang aking asawa na si Nancy ang nagsimulang mag-ipon ng panimulang balangkas ng librong ito sa Ecuador, South America. Ginamit namin ang "Wheel Illustration" ng grupo ng Navigators upang alamin ang pangunahing tema ng librong ito. Hindi nagtagal, ginamit na rin namin ang ilustrasyon nina Dale Bishop at Keth Tungseth at idinagdag namin ang tinatawag na takip ng gulong (hub cap) na siyang nagpapakita sa Espiritu Santo. Maraming kasama namin sa ministryo at mga naging disipulo angtumulong sa amin sa pag-aayos ng librong ito. Dahil dito, nais naming pasalamat si Tim Ek sa pagtulong sa amin sa pagsulat ng *Stewardship Outline* (pahina 27). Lubos din ang aming pasalamat Kina Jerry at Vicky Love, mga kasama naming misyonero sa Mexico at pagtulong sa amin sa pagsubok at pag-aayos ng mga aralin at sa pagbuo ng mga karagdagang material na matatagpuan sa *Appendix* sa pahina 21-23.

Malaki rin ang utang na loob namin kay Carl Racine, isang misyonero sa Ecuador at Mexico sa kanyang mga suhestiyon at mga payo. Nagpapasalamat din kami sa mga suhestiyon at payo na ibinigay sa amin ni Keith Hamilton, misyonero at kasalukuyang pastor ng mga kabataan sa Mexico. Gayundin kay Bernardino B. Balabo, isang estudyante ng North Park Theological Seminary na siyang naging instrumento upang ang librong ito ay masulat sa salitang Tagalog.

Mula ng bumalik kami sa Estados Unidos, ako (Jerry) ay nagtuturo ng Evangelism, Church Growth and Discipleship sa North Park Theological Seminary at ang aking asawa na si Nancy ay siyang namamahala sa Latin American Ministries ng aming denominasyon. Sa ngayon ay patuloy pa rin kaming humuhubog

ng mga disipulo. Maraming lingo ang aming inilalaan para sa pag-alalay sa pagtuturo ng paghubog ng disipulo sa mga seminar ng mga pastor at mga mananampalataya sa

-14-

Estados Unidos, Canada, Asia, Europa, at Latin America. Ang mga suhestiyon, pananaw at ideya ng mga estudyante namin sa mga seminar na napulot nila sa aktwal na karanasan ay matatagpuan sa kasalukuyang edisyon ng Paghubog ng Disipulo. Binuo rin namin ang Gabay sa *Paghubog ng Disipulo* na maaring gamitin kasabay ng librong ito.

Chicago, Illinois
January 2003

Jerry at Nancy Reed

UNANG HAKBANG
Kaligtasan at ang Apat na Katiyakan

1. Kung may magtatanong sa iyo kung ano ang isang Kristiyano, ano ang iyong isasagot?

2. Ang kaligtasan ay nakakamit lamang sa pagtanggap kay Hesu-Kristo. Ang mga polyeto katulad ng *“The Four Spiritual Laws”* o *“Steps to Peace With God”* ay makatutulong sa atin na ipaliwanag sa iba kung paano nila matatanggap si Hesu-Kristo at kung paano sila mamumuhay bilang isang Kristiyano.

2.1 Ang pagiging Kristiyano ayon sa Libro ng mga Taga-Roma – *Ang Roman Road*.

- A. Ang problema ng tao – Kasalanan – **Roma 3:23**
- B. Resulta ng kasalanan at kalooban ng Diyos – **Roma 6:23**
- K. Probisyon ng Diyos para sa aking kasalanan – **Roma 5:8**
- D. Pananampalataya at pagsuko kay Hesus – **Roma 10:9**
- E. Ang tawag sa pagsunod – **Roma 12:1-2**

2.1 Ang kaligtasan ay isang handog at walang bayad – **Efeso 2:8-10**

2.2 Ang plano para sa kaligtasan – **Pahayag 3:20; Juan 1:12; Roma 10:9**

3. Ang apat na katiyakan

Karaniwang sinisiraan ng demonyo ang mga Kristiyano sa mga bahaging ito. Dahil doon, ating ipinagtatanggol ang ating sarili katulad ng ginawa ni Hesus. Matt. 4:4,7,10.

3.1 Ang katiyakan ng **kaligtasan**

1 Juan 5:11-12

3.2 Katiyakan ng ating **tagumpay laban sa mga tukso**

1 Corinto 10:13

3.3 Ang katiyakan ng **kapatawaran ng kasalanan**

1 Juan 1:9

3.4 Ang katiyakan ng **probisyon ng Diyos**

Juan 16:24

Hamon sa pag-aaral: Sauluhin ang Pahayag 3:20 at ang Juan 1:12. Sa mga susunod na linggo ay sasauluhin ang mga sumusunod na talata.

Roma 10:9	1 Juan 1:9	1 Corinto 10:13
1 Juan 5:11-12	Juan 16:24	

* Ang ibig sabihin ng kahon () ay takdang aralin.

IKALAWANG HAKBANG

Ang Basehan sa Paghubog ng Disipulo

Roma 1:11,12 *“Dahil sabik na akong makita kayo. Ibig kong mabigyan kayo ng pagpapalang espirituwal na makapagpapatibay sa inyo. Nais kong magtutulongan tayo sa pagpapalakas ng pananampalataya ng bawat isa.*

1. Ang paghubog ng Disipulo

- 1.1 A. Apat na salinlahi: ito ay isang modelo kung paano mapaparami ang mga alagad na ayon sa Biblia. Ang Madandang Balita ay ibinabahagi lamang sa ibang tao sa pamamagitan ng kwento o simpleng pakikipag-usap at ito ay naipasa rin sa ibang tao mula sa una hanggang sa ikaapat na salinlahi.

2 Timoteo 2:2

Unang henerasyon: **San Pablo**

Ikalawang henerasyon: **Timoteo**

Ikatlong henerasyon: **Mga lalaking tapat**

Ikaapat na henerasyon: **Ibang tao**

B. Ang paraan ng pagdidisipulo ayon sa Lumang Testamento –
Awit 78:5-6

1.2 Ilustrasyon ng dalawang dagat:

- A. **Ang Dagat na Patay** – Ay hindi nakapagbibigay buhay sa pagkat hindi ito nagbibigay, tanggap lamang itong tanggap ng tubig. (Katulad din ng mga Kristiyanong tanggap lang ng tanggap pero hindi naman nagbibigay o nagbabahagi ng Mabuting balita sa ibang tao.)
- B. **Ang Dagat ng Galilea:** Ay nagbibigay buhay sapagkat ang tubig ay nagmula sa kanya. (Ito ay katulad ng mga Kristiyanong nagbabahagi ng kanilang kaalaman tungkol sa Bibliya sa ibang tao.)

1.3 Mga Halimbawa:

- A. Ang pagbabahagi ni San Andres kay San Pedro (Simon) – **Juan 1:40-42**
- B. Sina Felipe at Nathanael – **Juan 1:43-45**
- K. Si Jesus at ang Kanyang mga disipulo – **Markos 3:14**. Pinili Niya ang labindalawa na makasama muna at pagkatapos saka Niya napag-atasan.
Impormasyon 10% ng pagtatangka na magdisipulo
Paghubog 90% ng pagtatangka na magdisipulo

- 2. Mga dapat sundin sa pagdidisipulo ayon sa aklat ni **San Lukas 14:25-33**. Ito ay pamilyar na paraan ng pagtuturo ng mga Hudyo. Ikumpara sa **Mateo 10:37-39; 15:3,4**
- 3. Anu-ano ang mga pribelehiyo ng pagiging disipulo ayon sa **Juan 15:7-16**?
- 4. Ang inilalahad natin ay mga pangunahing bagay na dapat nating malaman sa pagdidisipulo. Huwag mawawalan ng pag-asa kung hindi mo makita ang mga katangian ng isang disipulo sa pasimula pa lamang. Bawat –isa sa atin ay patuloy na matututo at uunlad sa pang-unawa.

4.1 Mga pangunahing katangian na nabubuo sa buhay ng isang disipulo.

- A. Matibay na desisyon – **1 Corinto 16: 1,14**
- B. Pagiging hinog sa Panginoon – **Efeso 4:14,15**
- K. Masipag. Pagkaroon ng pagnanasa na matuto at ipamuhay ang mga natutunan. – **1 Timoteo 4:15-16**
- D. Pagiging matapat. Pagkakaroon ng tiwala sa bawat isa. **1 Corinto 4:2; Mga Kasabihan 20:6; Mangangaral 5:4-6a**.
- E. Pagiging modelo. Pagiging isang mabuting huwaran sa kapwa. – **1 Timoteo 4:12**
- G. Huwag Magmadali. Paghahanda sa pangmatagalang paglilingkod. **1 Cor. 9:24,25**

4.2 Relasyon sa Kapwa

- A. Ang pagiging magkaibigan ay kinakailangang bigyan ng sapat na atensyon. – **Mga Kasabihan 17:17; Juan 15:12-14**
- B. Ang namumuno ay nakatuon sa paglilingkod. – **Marcos 10:43-45**. Ang bawat Kristiyano ay isang lingkod. Hindi ito isang patakaran ng kultura kundi isang modelo ni Cristo para sa atin.

- C. Ang pagsunod ay plano ng Diyos. **Efeso 5:21; 1 Pedro 5:5;** at pagkaisa ay resulta ng pagiging isa natin sa isang katawan **Efeso 4:16**
- D. Ang kapangyarihang espirituwal ay resulta ng ating paglilingkod sa bawat isa. Mapapansin natin kung paano si Tito ay isinugo ni San Pablo (**Tito 1:5**) upang gumanap na may kapangyarihan (**Tito 2:15**). Gayundin si San Pablo, ipinailalim din niya ang kanyang sarili sa kapangyarihan ng mga apostol (**Gawa 15:1-2; 16:4 at Galacia 2:9,10**) Kinikilala at sinusunod natin ang mga lingkod ng Diyos.

Hamon sa Pag-aaral:

Sauluhin 2 Timoteo 2:2

Hanapin ang ilan sa mga katangian ng isang disipulo:

Juan 13:34-35 _____

Juan 8:31 _____

Efeso 6:18 _____

1 Pedro 3:15 _____

Juan 15:8 _____

Markos 10:43-45 _____

Mga Gawa 1:8 _____

IKATLONG HAKBANG **Ang Ilustrasyon ng Gulong**

1. Sariling debosyon araw-araw.

- 1.1 Halimbawa ni Kristo – **Marcos 1:32-35**
- 1.2 Bilang simula, magdasal ng 7 minuto bawat araw:
 - 2 minuto magdasal, humingi ng pamumuno ng Diyos
 - 3 minuto basahin ang Biblia
 - 2 minuto magdasal na ipamuhay ang natutuhan

1.3 Mga kailangan: isang lugar, oras, isang plano at Biblia (lapis at papel)

2. Ang larawan ng gulong ay nagpapakita ng relasyon ng mga tema sa bawat hakbang na sumusunod dito sa mga hakbang sa Paghubog ng Disipulo.

- 2.1 **Cristo** – Ang gitna ng gulong, ang sentro ng ating buhay – **Filipos 2:9-11**.
- 2.2 **Espiritu Santo** – Ang Espiritu Santo ang nagsisilbing takip o balot na nakahakab sa sentro ng gulong na walang iba kundi si Cristo – **Efeso 5:18; Juan 16:13; Lukas 3:16**.
- 2.3 **Mga rayos na patayo** (Ang Diyos ay nangungusap sa atin sa pamamagitan ng kanyang salita at tayo naman ay nangungusap sa Diyos sa pamamagitan ng ating mga panalanganin)

Ang Salita – **Mga Awit 119:9,11; Mateo 4:4**
Ang Panalangin – **Filipos 4:6-7; Juan 15:7**

2.4 **Mga Rayos na paharang** – (Tayo ay patuloy na nakikipag-ugnayan sa mga kapwa nating Kristiyano at sa mga hindi Kristiyano sa pamamagitan ng ating patotoo).


Pakikipag-ugnayan – **1 Juan 1:7**
Patotoo – **1 Juan 1:3**

2.5 Ang Pagsunod – **Juan 14:21; Lukas 6:46-49** – Ang goma o rim na sumasalo sa lahat.

Hamon sa pag-aaral:

Simulan ang pagkakaroon ng debosyon sa panalanganin.
Dalubhasain ang Juan 15:5 at ang mga parte ng gulong.

-
-




*Kinopyang may permiso sa libro ng “Navigators”.

IKAAPAT NA ARALIN
Si Kristo Ang Sentro
Ang Pagiging Panginoon Ni Kristo

1. Sinasabi ng Bibliya na si Kristo ang Panginoon.* Nais Niyang maging Panginoon ng bawat isang mananampalataya. Ang ibig sabihin ng **Panginoon** ay: *May-ari, Pinuno, Tagapamahala, Maestro, Hari, Punong Sinusunod, Boss, Amo*. Ang salitang ito ay nangangahulugan na ang pinatutungkulan ay: may mataas na posisyon o ranggo, makapangyarihan, may dakilang awtoridad, at maestro na sinusunod. Kung gayon, nararapat lamang na tayo ay sumunod sa tanong na inihahain sa **Lukas 6:46**.
2. Nararapat lamang na tayo ay magdesisyon na sumunod sa isang Panginoon o magsilbi sa isa't-isa. **Lukas 16:13**
3. Pumili ng dalawa o tatlong bagay na sa iyong palagay ay magiging mahirap sa iyo na sundin sa ilalim ng pamamahala ni Hesu-Kristo o magiging hadlang sa iyo upang tanggapin si Hesu-Kristo bilang Panginoon.
 - 3.1 Mga prayoridad – **Mateo 6:33**
 - 3.2 Mga ari-arian – damit, alahas, kotse, at iba pa – **Lukas 12:15**
 - 3.3 Katayuan sa buhay – **Mateo 20:26-28**
 - 3.4 Kapangyarihan – **I Pedro 5:5-6**
 - 3.5 Sobrang pagpapahalaga sa sarili – **Roma 12:3**
 - 3.6 Pamilya – **Lukas 14:26, Mateo 10:37**
 - 3.7 Mga bisyo – droga, alak – **Efeso 5:18**
 - 3.8 Paghahangad sa maraming bagay – **Markos 4:19**
 - 3.9 Sariling kapakanan – **Filipos 2:3-4**
 - 3.10 Pera, kwarta – **Eclesiastes 5:10,11; Mga Awit 62:10**
 - 3.11 Pangangalaunya – **I Corinto 6:18-20; Mateo 5:27-28**
 - 3.12 Pag-aalala – **Roma 8:28; Pilipos 4:6**
 - 3.13 Mabuting gawa – **Roma 4:4-5; Efeso 2:8-10**
 - 3.14 Ikasampung bahagi, pagnanakaw sa Diyos – **Malakias 3:8-10; II Corinto 8:1-5; 9:6-8**

**Sa Bagong Testamento, ang salitang Tagapagligtas ay ginamit ng 24 na beses at ang salitang Panginoon ay ginamit ng may 600 beses. Ito ay nagpapatunay lamang sa kahalagahan ng pagiging Panginoon ni Hesus sa bawat tao.*

- 3.15 Takot, pangamba – **II Timoteo 1:7; 1 Juan 4:4,18**
 - 3.16 Kaisipan – **Filipos 4:8; Colosas 3:2**
 - 3.17 Paghatol – **Mateo 7:1-3**
 - 3.18 Kapaitan, galit – **Hebreo 12:14,15**
 - 3.19 Panlalait – **Santiago 43:2; Mga Kasabihan 26:20-22**
 - 3.20 Inggit – **Mga Kasabihan 14:30; 1 Pedro 2:1**
 - 3.21 Masamang ugali – **Mga Ksabihan 16:32, 2 Timoteo 1:7**
 - 3.22 Iresponsable – **1 Corinto 4:2; Mateo 25:14-30**
 - 3.23 Pag-aalaga sa katawan – **1 Corinto 6:19-20**
 - 3.24 Pagsisinungaling – **Levitico 19:11, Efeso 4:25**
 - 3.25 Galit ng may paghihiganti – **Mga Kasabihan 10:12, 1 Pedro 3:9**
 - 3.26 Pagpapatawad – **Markos 11:25-26**
 - 3.27 At iba pa... (Halimbawa, rasismo, pagtatatay sa ibang tao, panloloko, pandaraya, pagsasamantala sa kapwa tao, pagpapabula kay Kristo).
4. Sa iyong isipan at sa iyong kalooban, kusang pumili ng mga bagay sa iyong buhay na gusto mong ihandog bilang sakripisyo o hain sa Panginoong Hesu-Kristo – **Roma 12:1-2**.



- 4.1 Isalang-alang mo ang paniniwalang pagbibigay ng lahat ng iyong karapatan sa Diyos. Kung iyong ipagkakatiwala ang iyong sarili sa Diyos, hindi ka Niya pababayaan, dahil hindi pinababayaan ng Diyos ang sarili Niyang mga lingkod. Wala nang dapat pang pagtaluhan, hindi na dapat idahilan ang ugali

ng kapwa na maghadlang sa atin sa pagsunod kay Kristo, hindi na dapat katakutan ang mga bagay na ginagawa ng ibang tao, sapagkat ang iyong atensyon ay nakatuon na kay Kristo.

- 4.2 Sa iyong palagay, ano ang mangyayari kung ipagkakatiwala mo ang lahat ng iyong ari-arian kay Kristo? **Genesis 22:1-18**
- Ano ang inialay ni Abraham sa Diyos?
 - Ano ang ginawa ng Diyos sa kanyang alay?
 - Maipagkakatiwala mo ba ang iyong sarili sa Diyos na Siya ang tagapamahala sa iyong buhay at mga ari-arian?
- 4.3 Italaga mo ang iyong sarili sa pagbibigay papuri at pasalamat sa Diyos anuman ang mangyari. **1 Tesalonika 5:18; Efeso 5:20.** Ito ang susi upang malaman natin kung tunay nga bang ipinagkakatiwala mo na ang iyong sarili sa Diyos.
- 4.4 Magpatuloy na humingi ng gabay sa Diyos araw-araw sa pamamagitan ng pananalangin. Ipagpatuloy angpagtitiwala sa Diyos . Ito ay isang relasyon na hindi natatapos sa loob ng maghapon. Ito ay patuloy. **Lukas 9:23**
- a. Kalimutan ang sarili
 - b. Pasanin ang sariling krus araw-araw
 - c. Sumunod kay Kristo

Hamon sa Pag-aaral: Memoryahin ang **Filipos 2:9-11**
Basahin ang libreta na may pamagat na “**Have you made the wonderful discovery of the Spirit-filled life?**”

*Ang ilustrasyon na ito ay ginaya sa nabanggit na libreta na inimprenta ng Campus Crusade for Christ, Inc. 1966.

IKALIMANG HAKBANG

Espiritu Santo

1. Sumasabaway mananampalataya ang Espiritu Santo.
 - 1.1 Tayo ay tinatakan na ng Espiritu Santo – **Efeso 1:13**
 - 1.2 Ang Espiritu Santo ang nagpatotoo sa ating espiritu – **Roma 8:16**
2. Mga patotoo ni Juan Bautista
 - 2.1 “Siya ang magbabautismo sa inyo sa Espiritu Santo at sa apoy.”- **Mateo 3:11**
 - 2.2 Ang katuparan ng pangako – **Mga Gawa 1:5; 2:4**
3. Mga turo ni Jesus.
 - 3.1 Ibinibigay ng Ama ang Espiritu Santo sa sinumang humihiling – **Lukas 11: 9-13**
 - 3.2 Mga simbolo ng Espiritu Santo: Tubig na buhay – **Juan 7:37-39**, tulad ng isang kalapati- **Mateo 3:13-17**; Tulad ng isang malakas na hangin. – **Mga Gawa 2:2**, Apoy – **Mga Gawa 2:3**.
 - 3.3 Mga gawa ng Espiritu Santo
 - A. Juan 14:16
 1. Tagapayo o katulong – na ipinadala ng Ama sa pangalan ni Jesus.
 2. Nagtuturo ng lahat na bagay
 3. Nagpapaalala ng mga ginawa ni Jesus-Cristo.
 - B. Juan 15:26-16:15
 1. Tagapayo o kaagapay – **Juan 15:26**
 2. Espiritu ng katotohanan
 3. Nagpapatunay sa mga ginagawa ni Hesus
 4. Nagpapatunay sa mga tao ng kanilang: **Juan 16:8**
 - kasalanan
 - katuwiran
 - kaparusahan
 5. Gumagabay sa mga tao sa mga lahat ng mga katotohanan – **Juan 16:13** – nagsasabi ng kanyang naririnig
 6. Nagsasabi ng bagay na darating
 7. Nagbibigay kaluwalhatian kay Kristo – **Juan 16:14**
 - D. **Mga Gawa 1:1-9** – nagbibigay kapangyarihan sa pagpapatoo ng mga tao – **Mga Gawa 1:8**
 - E. Nagpapatotoo sa mga salita ng Diyos - **Roma 15: 18, Hebreo 2:4**
4. Tinanggap ng mga Disipulo ang Espiritu Santo bago dumating ang araw ng Pentecostes – **Juan 20:22** – Ngunit sila ay napuspos Ng Espiritu noong araw ng Pentecostes.
5. Nagsasabi ang Bibliya na ang mga Tao ay napuspos ng Espiritu Santo- **Mga Gawa 1:8; Efeso 5:18**. At mga karanasan sa Espiritu Santo (**Mga Gawa 2:1-4**;

8:14-17; 9:17-18; 10:44-48; 19:1-6) Ikumpara ang **Mga Gawa 2: 1-4** – ito ay nagpapatunay lamang na patuloy na pakikipagrelasyon at karanasan sa Espiritu Santo.

6. Inuutos ni Jesus: “Mapuspus kayo sa Espiritu Santo” – **Efeso 5:18**

